

The Secret Arrangement

“**W**ala kang puwedeng pagsabihan tungkol sa aplikasyon mong ito. There are no TV adverts. Hindi ito na-broadcast nationwide. Piling mga tao lang ang nakakaalam tungkol sa bagay na ito. We will issue pertinent papers related to this important and confidential arrangement. Remember that the rules prohibit sharing of information to anyone,” mahabanglitanya ni Lucrezia. Mapostura ito at tuwid na tuwid ang tingin sa unahan habang minamaneho ang itim na SUV.

Tahimik lang si Minca sa loob ng mahabang sandali. Langhap niya ang lavender scent na humahalo sa hanging ibinubuga ng air-con. Paano nga uli niya nakilala si Lucrezia? Binalikan niya sa isipan ang petsang nag-post siya ng status sa kanyang *Facebook* wall isang gabi na nakatambay siya sa tapat ng piso net at napu-frustrate na sa buhay niya.

Facebook Status: Seryoso po, kailangan ko ng trabaho. Kahit ano na lang basta hindi ko ikamamatay.

Pagkalipas ng tatlong araw, January 7, ay may kumatok sa pinto ng kanyang boarding house at hinahanap siya. Nagpakilalang Lucrecia ang babae. Matangkad ito sa 6'2" na height, slim, exaggerated ang shoulder pads at halos okupahin na ng madilim na salamin ang kabuuan ng mukha nito. *May lamay ba?* ang unang tanong na pumasok sa isipan niya nang mamalas ang hitsura ng babae.

May maibibigay raw itong trabaho sa kanya. Nilinaw nitong hindi ito illegal recruiter, hindi ito konektado sa prostitution at walang kinalaman sa illegal drugs ang iaalok nitong trabaho.

Alam niyang katangahan nang matatawag ang pagsama ni Minca sa estranghera, subalit wala siyang pagpipilian. Nasipa siya sa trabaho bilang audio transcriber na kakarampot lang din ang suweldo kaya wala siyang naitabi kahit kaunti. Tumawag pa ang nanay niya mula Isabela at sinabing kailangang-kailangan ng hypertensive niyang tatay ang pera para pambili ng gamot at idagdag pang nagkasakit ng pneumonia ang bunso nilang si Nene.

Gusto na niyang maglupasay. Maging ang alaga niyang asong si Platypus ay panay rin ang yukayok sa sulok ng maliit na silid, nanghihina. Binubulabog din siya ng mga taong pinagkakautangan niya ng pera at pinagbantaang itatali sa poste ng *Meralco* kapag hindi pa rin nagbayad.

Ang saklap ng buhay.

“Saan mo ba ako dadalhin?” tanong niya kay Lucrecia. Nahilo na siya sa kabibilang sa mga gusaling nadaraan na nila.

“Sa recruitment office tayo, utos ni Zarc.”

“Zarc?” Sino ba si Zarc?

Huminto ang sasakyan sa tapat ng isang lamp post. Bumaba siya, tiningala ang matayog na gusaling gawa sa konkreto at bughaw na salaming pader na nasa kabilang kalsada. Binasa niya ang pangalang nakaukit sa pinakasentro niyon, *Ziggatu Properties*. Tila may nagkalansingang ginto’t pilak sa tainga niya.

Naunang tumawid sa kalsada si Lucrecia. Sinabihan siya nitong sumunod. Tumalima naman siya. Subalit bago niya maihakbang ang mga paa ay nahagip ng kanyang tingin ang isang pigurang matikas na nakatayo sa ilalim ng lamp post. Nakasuot ito ng long-sleeved polo shirt na nirolyo hanggang siko at may hawak na nag-uusok na cigarette stick.

Tinitigan niya ito. He, unexpectedly, looked back and she felt a kick in her chest. Malakas ang kislap sa itim nitong mga mata. Nakulong siya sa loob niyon at tila may invisible magnet na humatak sa kanya palapit dito.

He didn’t avert her gaze. He held it for as long as he could. Suddenly, a crafty smile curved his lips. Pumitlag ang puso niya at nagrigodon iyon.

“Minca!” tawag sa kanya ni Lucrezia na gumupo sa lobo ng mahikang lumukob sa kanya. Ipinilig niya ang ulo at mabilis na tumawid ng kalsada. “May sasakyan!” sigaw nito.

Nanigas ang mga paa niya nang makitang gadangkal lang ang distansya ng humintong sedan sa kanyang kinatatayuan. Bago pa man makababa ang driver para murahin siya ay hinila na siya ni Lucrezia.

“God, hindi ka ba marunong tumawid?” sita nito sa kanya.

Hindi umimik si Minca at tahimik lang na nagpahatak dito. Paano ba niya sasabihing nawala siya sa sarili dahil natulala siya sa kaguwapuhan ng mysteryosong lalaking nakatayo sa ilalim ng lamp post?

Bago siya pumasok sa loob ng gusali ay nilingon niya ang lalaki. Nasa gilid ito ng kalsada at tuwid na tuwid ang pagkakatayo. Naisip niyang sasakloloan dapat siya nito kanina, pero naunahan ito ni Lucrezia.

Hinipan ng hangin ang buhok niya at ramdam niya ang paghaplos niyon sa kanyang balat. Nangingig siya at puwersahang nagpaling ng tingin sa ibang direksyon. Ang kamuntikang pagkabundol sa kanya ng sedan ay hindi niya ininda, pero ang matitigan lang ng estranghero ay nagpanginig na sa mga kalamnan niya.

Nakakatakot ang lalaking iyon! Mainit at hindi niya makontrol ang epekto ng mga titig nito sa

kanya. At titig pa lang iyon! God! Kailangan niyang makalayo kaagad. The mere sight of him could get her pregnant ten times faster than actually doing the traditional way. Sigurado siyang ang lalaking iyon ay hari ng mga mang-aakit sa sanlibutan!



Mukhang mad scientist ang recruitment specialist na nakaupo sa likod ng pahabang mesa. Halatang pinag-aaralan nito ang mga kilos at reaksiyon niya.

“Magandang araw sa ’yo. I’m Kerleg Agustin, recruitment specialist,” pakilala nito sa sarili, sabay ayos sa makapal na eyeglasses bago sinilip ang nakaayos na mga papel sa loob ng berdeng long folder.

“M-magandang araw din po.”

“Pangalan?” tanong ni Kerleg.

“Minca Cuanico po.” Tumikhim siya at sinalubong ang pagtaas ng ubaning kilay ng lalaki. The man scribbled something on a sheet of paper.

“Edad?”

“Twenty-three.”

“May nobyo, kinakasama, asawa?”

“Wala po.”

“Solo parent?”

“Hindi po.”

“Nakatira kasama ang mga magulang?”

“Hindi rin po.”

Napatangu-tango ito. “Alam mo ba kung anong

klaseng trabaho ang pinapasok mo?”

Katahimikan. Ugong mula sa air-con ang namayani sa loob ng pribadong silid. Hindi niya alam! Tiningnan niya si Lucrecia, nagpapasaklolo. Tinanguan lang siya nito at hindi umalis sa tabi ng nakapinid na pinto. Ano ang gusto nitong isagot niya sa tanong na iyon?

“Uhm, iyong totoo lang po.” Tumikhim siya. “Hindi ko ho talaga maintindihan kung bakit ako nandito ngayon. Ang alam ko lang po ay may ibibigay na trabaho sa akin si Ms. Lucrecia,” tapat niyang tugon.

Ibinaba ni Kerleg ang hawak na pansulat at itinuon sa kanya ang mga mata. “Handa ka ba talagang tanggapin ang kahit na anong trabaho?” paniniyak nito.

“Nakahanda po ako. Huwag lang po sanang illegal.”

Tumango ang ginoo. Tumitig ito sa hawak na papel at may isinulat ulit. “Virgin ka pa ba?” patuloy nito.

Namula ang kanyang mga pisngi. She squeezed her fingers until they were white and pale. “K-kailangan ko ba talagang sagutin iyan?”

“Yes.”

“Ah, ano... oo. Virgin pa po.”

“Hindi pa nahahawakan?”

“Nahawakan naman ho nang kaunti sa tiyan at padaplis sa balakang,” tapat niyang tugon.

Kumurba ang ngising walang halong malisya sa mga labi ni Kerleg bago ito nagbaba ng mukha, ipinokus ang mga mata sa isinusulat. “Bueno, magiging prangka na ako sa ’yo,” anito makaraan ang ilang segundo. “Sa trabahong papasukin mo, hindi lang ang tiyan at balakang mo ang mahahawakan. Maaangkin pati kaluluwa mo. Masuwerte ka na kung hindi bumigay ang puso mo. The man who will become your boss will take all of you—things that we can see now and things that we cannot. He will own you, in and out.”

“Magsi-‘skems’ kami?” Nanlambot siya.

“Skems?” kunot-noong tanong ng lalaki.

“Iyong papatong siya sa akin at...”

Naintindihan agad nito ang ibig niyang sabihin. Itinupi nito ang papel at itinaas ang kamay. “Oo, magsi-sex kayo. Papatong siya sa iyo. Puwede ring ikaw ang pumatong kung gusto mo.”

“Maryosep!” bulalas niya. Her stomach hurt and the cream-colored wall swirled and circled around her. Umikot bigla ang paligid. Ano ba itong nangyayari sa buhay niya?

“You’re squeezing your legs together. Isa lang ang ibig sabihin niyan. Nae-excite ka sa trabahong ito. Make this official and say yes. Papers will be served at once.”

“No!” protesta niya. Naeeskandalong bumaba ang kanyang mga mata sa mga binti niya. She cursed her legs for involuntarily moving. *Hindi ako nae-*

excite. Bakit naman ako mae-excite? Tumayo siya at dali-daling inabot ang seradura ng pinto.

“You will get half a million if you accept the job now,” anunsyo ni Kerleg. “Idedeposito namin sa bank account mo.”

Marahas siyang napalingon sa mga mukhang hindi pamilyar sa kanya. Panaginip lang ba ang lahat ng ito? Malakas niyang kinurot ang mukha na kaagad din niyang pinagsisihan. Maluha-luhang hinimas niya ang pisnging mabilis na nagpasa.

So, totoo nga ang lahat.

“Ano ba talaga ang tawag sa trabahong ito?” usisa niya.

“Midnight secretary,” anito.

“Ano?”

“The owner of *Ziggatu Properties* needs to have a child before the age of thirty. Pero hindi niya kailangan ng asawa. Hindi niya kailangan ng pamilya. Kailangan lang ay magkaroon siya ng anak. Reason why the woman’s name should never be revealed. Walang dapat makaalam ng kahit na ano tungkol sa babae. Iluluwal niya lang ang bata. Pagkatapos n’un ay kailangan na niyang maglaho.”

“Babymaker ang hinahanap n’yo!” hiyaw niya.

“Tama ka at bukod d’un ay isang totoong graveyard shift secretary. We will need someone who can help with file keeping and secretarial works. 7AM to 6PM ay nasa *Ziggatu* office si Zarc. Pag-uwi niya ng bahay ay may mga take-home pa siyang trabaho

at 'yun ang tutukan mo. May in-install nang personal desk, pedestals at computer sa home office ni Zarc. If you will accept the job, 6PM hanggang 3AM ang work schedule na ibibigay sa 'yo. Your salary, allowances and benefits will be discussed to you in a separate meeting."

"Hindi ka na lugi, Minca," pangungumbinsi sa kanya ni Lucrecia.

"H-hindi ko pa rin tatanggapin ang ganitong klase ng trabaho..." Desperado siya, oo, pero hindi kaya ng sikmura niya ang makipag-sex sa lalaking hindi niya mahal at ni hindi niya kilala man lang. Isa-satisfy niya ang libido ng kung sinong Pontio Pilato hanggang sa mabuntis siya pagkatapos ay itatapon na siya na parang basura sa huli?

Iniabot sa kanya ni Lucrecia ang isang sobre. Napaangat ang tingin niya sa mukha ng babae. "Open it," anito.

Binuksan ni Minca ang sobre at pulos litrato ng pamilya niya sa Isabela ang bumulaga sa kanya. Kamuntikan pa niyang mabitiwan iyon nang wala sa loob na naitakip niya sa bibig ang kanyang palad. Her father looked seriously ill. Nakaratay ito sa kawayang kama. Naglalabada ang inang niya at naglilibod ng poso. Ang kapatid niyang si Nene ay payat na payat at halatang kulang sa nutrina.

Pumatak ang luha niya. Nangatal ang katawan niya sa nakitang realidad ng buhay nila sa Isabela. Sinabi ng inang niya ay may-sakit ang tatay niya at

si Nene, pero hindi nito sinabi kung gaano kalala. Malamang ay ayaw nitong mag-alala pa siya.

“Nanay naman, eh...” Gusto niyang pumalahaw at maglulupasay sa sobrang sama ng loob. Tila puputok ang dibdib niya.

“You can help your family,” ani Lucrecia. “They need your help. Tulungan mo sila.” Inilapit nito sa kanya ang may kakapalang papel. “There are only three things you have to remember always. One, do your job. Two, shut up. Three, follow the rules. Tatlong bagay lang, Minca, and you will survive.”

Parang kandilang nauupos na tinanggap niya ang mga papel. Her heart was still beating painfully. Patawid-tawid sa gunita niya ang sitwasyon ng kanyang pamilya. Oo, tama si Lucrecia, tutulungan niya ang mga ito. Kahit na ang ibig sabihin pa niyon ay isakripisyo niya ang sarili. Gustuhin man niyang humanap ng disenteng trabaho ay gipit na siya sa oras.

“Walang makakaalam ng tungkol sa iyo. Pagkatapos nito, makakabalik ka sa normal mong buhay na parang wala lang nangyari,” susog pa nito.

Ano pa nga ba ang magagawa ni Minca? Naipit na siya sa sigaw ng pangangailangan ng kanyang pamilya. Pikit-mata niyang pinirmahan ang mga dokumento.

“Bakit ako?” tanong niya nang inililigpit na ni Kerleg ang mga papeles.


“Because you’re the right woman,” he answered

briskly.

“Talaga? Hindi pa nga ako nakikita ng boss n’yo.” Nagpalinga-linga siya sa paligid. “Wala na bang ibang aplikante? Ako lang ba ang nagkainteres sa trabahong ito?”

“We won’t need other applicants because we already have you. You qualified for the post and you’re hired.” Lumapit si Lucrecia at kinuha ang kamay niya. Inilagay nito ang gintong susi sa gitna ng kanyang palad. “Ziggatu Subdivision. Look for Zarc’s house. Iyan ang susi sa bahay niya. You will meet him there.”

“Ziggatu Subdivision...” mapait sa dilang ulit niya sa lugar kung saan nakatakdang mawarak ang kanyang dangal.



Meeting the Beast

Kung tiktikan kaya niya ang mga tambay sa kanto ng lugar nila na nasa mga kamay niya ang gintong susi sa isang malaking bahay na nakatirik sa loob ng isang high-end exclusive subdivision? Magkukumahog ang mga asong ulol na iyon.

Ano kaya kung tumakas siya kapag nai-deposit na sa account niya ang half million? Imposible. Pihadong matutunton siya. Mukhang maalam at maraming koneksyon ang mga taong nakausap niya. Baka mapahamak pa ang pamilya niya oras na sumira siya sa napagkasunduan.

Napabuga ng hangin si Minca at binuksan ang palad. Kumislap ang gintong susi sa tama ng araw mula sa nakabukas na salaming bintana ng *Ziggatu Properties* company car, isang guwapung-guwapong APV na ginto ang kulay.

Gold siguro ang favorite color ng Zarc na iyon.

“Ms. Minca, hanggang dito lang po ako,”

anunsyo ng driver.

Tumango siya at hinatak ang bag palapit sa dibdib saka itinulak pabukas ang pinto. Pagkababa niya ay umalis na kaagad ang company car.

Hinatid-tanaw niya ang APV na palabas na ng exit bago tiningnan ang gintong wrought-iron gate sa harapan niya. Ginto! Nauumay na siya sa kulay na iyon. Baka ginto rin ang hitsura ng magiging boss niya. Huwag naman sanang kasintigas ng ginto ang apog nito.

Nilapitan siya ng dalawang security guards at tinanong kung ano ang pakay niya.

She cringed. Matangkad ang mga hudyo na mukhang goons.

“Kuwang, kasi... pinapunta ako rito ni Lucrecia. Hanapin ko raw ang bahay ni Zarc Ziggatu.” Ipinakita niya ang susi sa dalawang lalaki. Tumango ang dalawa pero hindi siya agad pinapasok. Niradyo ng isa sa loob ng mansion ang tungkol sa kanya at makaraan ang eksaktong limang minuto ay binuksan na ang mataas na gintong gate.

She walked calculatngly. Patay pala ang mga tambay sa kanto nila sakaling magtangka ang mga itong pasukin ang teritoryo ng Zarc na ito, lalo na at mukhang bakal ang katawan ng dalawang guwardya sa labas. Yuyupiin ng kamao ng mga iyon ang hitsura ng mga tambay sa kanila na tila pinukpok na tansan ng beer.

Humantong siya sa tapat ng solidong pinto na gawa sa mamahalin at matibay na uri ng kahoy.

May nakaukit na gintong leon sa uluhan ng pinto. She swallowed. Manlalapa yata ng tao ang Zarc na makikilala niya sa mismong gabing iyon. She looked back, pinagmasdan niya ang haba ng daanang tinahak mula sa pinagbabaan sa kanya ng APV.

Madilim na ang paligid at may malalaking punong humihilera sa gilid ng malawak na daan. Nasisilip niya ang kagubatan sa likod ng mga nakahilerang puno. Nag-sign of the cross siya at pigil ang hiningang kumatok sa pinto.

“Come in.”

Napaigtad siya nang biglang may tinig na umalpas sa door machine na nakakabit sa pader, sa bandang kaliwa ng pinto. Inilibot niya ang mga mata. May dalawang CCTV ang nakakabit sa kisame. Kanina pa ba siya pinapanood ng kanyang boss? Parang gusto na naman niyang umatras. Pero kung aatras siya, dapat ay gawin na niya ngayon. Kapag nakapasok na siya sa loob ng mansion ay wala nang atrasan.

Pinakiramdaman ni Minca ang kanyang sarili. Mas matindi ang pangangailangan ng pamilya niya kaysa unahin niya ang sariling takot. Hindi naman siguro niya ikamamatay ang trabahong ito.

“I said, come in, Minca,” matigas na ang tinig ng lalaking nagsalita.

Napaigtad uli siya. Tinawag siya nito sa pangalan niya. Ibig sabihin lang niyon ay kilala na siya ni Zarc Ziggatu.

Pinihit niya ang doorknob at itinulak pabukas

ang pinto. Madilim ang paligid.

“Pasensya na, nakalimutan kong buksan ang mga ilaw.”

She heard a ‘click’ sound, pagkatapos ay kumalat na ang liwanag sa malawak na sala. Nagulat siya at naipikit ang mga mata.

“Open your eyes, Minca,” a deep voice demanded.

Dahan-dahan niyang iminulat ang mga mata. Sinalubong siya ng mga mamahaling kasangkapan at simbolo ng karangyaan. Dahilan upang malaglag ang panga niya.

“Fancy seeing you again,” anang lalaki, paos ang tinig. “So, you got the post. Congratulations and welcome to my house.”

Napatingin siya sa nagsalita. Tama ba ang nakikita niya o dinadaya lang siya ng mga mata? She stood rigid and blood had immediately left her face. Maputla pa siya sa anemic na aso niyang si Platypus na pansamantala muna niyang iniwan sa roommate at best friend niyang si Kara.

“You’re pale,” komento ni Zarc, half-twisting his sexy as f*ck pair of lips. Nakaupo ito sa pinakagitna ng royal sofa at matiim ang pagkakatingin sa kanya. He flicked aside a few strands of his hair. May hawak itong remote na tingin niya ay ang ginamit nito para buksan ang lahat ng ilaw.

“I-ikaw si Zarc?” tanong niya nang sa wakas ay mahanap ang boses.

“Meron pa bang ibang tao rito?” His lips moved again and it’s driving her crazy and wet! “Hi, Minca,

or shall I say... hi to my newly hired midnight secretary,” he said huskily. Nanggagaling sa kung saang paraiso ang tinig nito. And his eyes flared like there’s liquid fire in it. Bakit ang sexy nitong lalaki kahit na pormal ang suit na suot nito?

“Say something,” utos sa kanya ni Zarc.

Oh my God, demanding! The kind of lover who would bang her on the wall and would take her all the way—hard, fast and without mercy. The kind of man who would impatiently rip off her panties and would lick her sex.

Shit! Ano ba ang iniisip niya?

Ipinilig niya ang ulo.

“Bakit midnight?” tanging nasabi niya.

He smirked. “Sounds better than graveyard. Mas gusto ko iyong tunog mysteryoso.”

Tumayo si Zarc at tila namahikang sumunod ang mga mata niya sa bawat galaw nito. Why, the man towered head and shoulders above her! Sobrang tangkad nito! Hindi kaya siya mapisa kapag dumagan na ito sa kanya?

“Name is Zarc Ziggatu. I’m six years your senior.” He extended his hand.

Tinanggap iyon ng dalaga. It created a loud, electrifying spark. Pakiwari niya ay nanulay ang libu-libong kuryente sa bawat himaymay ng kanyang katawan. She had to shudder or she would die. Sinubukan niyang hilahin ang kamay, subalit humigpit lang ang hawak nito sa kanya.

“Ah, ano... uhm... Minca. Minca Cuanico po—”

“I already know everything about you.”

“O-okay,” iyon lang ang nakayanan niyang sambitin.

“Your eyes... the color of the sky. Why? Bakit bughaw ang kulay ng mga mata mo?” mangha nitong usisa kapagkuwan.

“Bughaw din ang mga mata ng nanay ko. Iba ang lahi niya, Amerikana. Pinili niyang mamuhay dito sa Pilipinas kasama ang tatay ko.”

“I see.”

Finally, Zarc let go of her hand, pero hindi para tuluyan siyang lubayan kundi para mahawakan ang baba niya. She reeled as the feeling began to kick hard. Naghanap ng makakapitan ang mga kamay niya.

A wicked smile curled his mouth. There were impish shadows huddling in his eyes. “I’m sorry. I may have moved too fast. ’Just that I could not resist touching freshly purchased items,” may laman nitong saad. Bumalik ito sa sofa at iminosyon ang katapat na silya habang ang isang kamay ay inaayos ang suot na kurbata. “Sit down.”

Tumalima si Minca. Kailangan niyang umupo dahil nangangatog ang kanyang mga tuhod. She clapped a hand over her bosom. Hindi naman siguro siya mabubuntis sa simpleng hawak lang!

Lihim siyang napatili. Mababaliw siya kada nasa malapit ang lalaking ito! Her reproductive glands had never been really active all these years. Ngayon lang!

“Nasabi na ba sa iyo ni Lucrecia kung ano ang

dapat mong gawin?”

Lumunok siya. “Opo, nasabi na.”

“I’ll say it again, anyway. One, do your job—f*ck when I want to f*ck. Two, shut up—nobody must know about the secret project. Three, follow the rules—go back to items one and two. As for your other designation, it’s going to be pretty easy—filing, shredding, tracking, and a few reports.”

“Bakit kailangan ko pang magpaka-sekretarya kung pareho naman nating alam na babymaker talaga ang primerang papel ko rito?”

“That’s the outer coating of the cake, Minca. You can coat it white, even if it’s scorching red inside. Sakaling may makapuna sa iyo rito. At least, we have already put up a good excuse.”

“Maghihinala ang ibang tao, lalo na’t may sekretarya ka na.”

“Sa gabi wala pa. I’m a workhorse at alam nilang nagdadala ako ng trabaho sa bahay kaya hindi imposibleng maghanap ako ng isa pang sekretarya. Don’t worry, you will be paid monthly for your secretarial works.”

Napasinghap siya. Bago sila naghiwalay ni Lucrecia ay sinabi nitong magbubukas ito ng bagong account sa bangko sa pangalan niya para maideposito ang kalahating milyong napag-usapan nila! Punyemas, may half million na nga siya pagkatapos ay may suweldo pa kada buwan!

“I will need you, Minca. Kailangan mong mabuntis kaagad. Ibig sabihin niyan, kailangan ay

nandito ka sa bahay ko twenty-four hours, Monday to Sunday.”

“D-dito ako titira?”

He nodded, half-amazed. “Yes. Hindi ba nasabi sa ’yo ni Kerleg? I may want to have sex with you in broad daylight.” Umangat ang isang sulok ng mga labi nito. “I am a very diligent f*cker, Minca. I won’t rest until I get what I want.”

Napalunok ang dalaga. Napakahalay magsalita ng taong ito! May iba pa bang options? She heaved a sigh. Dumaan sa kanyang balintataw ang hitsura ng tatay niya. Alam niyang seryoso ang sakit nito na hindi pa magawang ipagtapat sa kanya ng ina niya.

“K-kailangan ko munang kunin si Platypus sa boarding house at kakausapin ko pa ang landlady namin.” Nakagat niya ang labi. “H-hindi ko pa nababayaran ang upa ko nang nakaraang buwan, baka magwala iyon kapag bigla akong naglaho na lang.”

“I have settled that already.” Gulat siyang napatitig kay Zarc na nakamasid nang matiim sa kanya. “Bayad na ang utang mo. Lahat ng utang mo sa lahat ng tao.”

Paano nito nagawa iyon? Kanina lang siya natanggap biglang sekretarya kuno nito. “Salamat.” Kung paano nito nalaman ang lahat ng tungkol sa kanya ay wala na siyang pakialam. Walang imposible sa taong may pera.

Zarc smiled and her heart missed a beat.

“You’re most welcome, Minca.” He showed her

to the door. Nakahanda na ang sasakyan sa tapat ng mansion. Pilak naman ang kulay ng SUV na nakaparada. Hindi na ginto! Ang yemen nito, men!

“Sa iyo rin iyan?” paniniyak niya.

“Yes, lahat ng nakikita mo rito ay pag-aari ko.”

Oo nga naman, lahat na lang ay pag-aari nito kasama na siya lalo na ang katawan niya.

“Ihahatid ka ng driver sa boarding house mo. Ayusin mo ang mga gamit mo saka magpahatid ka pabalik dito.”

“Teka, magtataka sila pag may pumaradang sasakyan d’un.”

“Magsinungaling ka. Sabihin mong natanggap ka na sa trabaho at pinasusundo ka ng boss mo dahil may mahalagang conference. Kaya mo na iyan.” He tapped her shoulder.

Atubili siyang tumango. Pumasok siya sa loob ng SUV at sumandal agad sa upuan. Ano na ang mangyayari sa kanya kapag nabuntis na siya? Kapag nanganak na siya at kailangan na niyang ipamigay ang bata? Kakayanin niya kaya ang araw na iyon?

Minca heaved a sigh. Saka na niya iyon iisipin kapag dumating na ang tamang oras. Sa ngayon, ito ang sagot sa sandamakmak niyang problema at isa pa’y may maharot na bahagi ng sistema niya ang nagsasabing sunggaban niya ang offer na ito hindi lang dahil sa pera kundi dahil isang parte ng pagkatao niya ang kaagad na nahumaling sa bago niyang boss.



In His Lair

“This is your room,” deklara ni Zarc.

Pumasok si Minca sa loob ng malawak na silid habang sukbit sa likod niya ang knapsack. Wala siyang hatak-hatak na maleta at baka maghinala ang mga kasama niya sa boarding house. Toiletries at mga panloob lang ang isinalpak niya sa bag. Tatal ay in-assure naman siya ni Zarc na may nakahanda na siyang mga damit at gamit sa bahay nito.

Pumuwesto siya sa pinakagitna ng kuwarto. Kahit na may suot siyang sneakers ay ramdam niya ang lambot ng carpet sa bawat paghakbang niya.

Iniligid niya ang tingin. Direktang katapat ng pinto ang sliding door na nagbubukas patungong terrace. Sa harapan niya ay isang queen-size bed. Pink ang kubrekama at punda ng mga unan. *Hello Kitty* ang alarm clock at lampshade sa bedside table. Pink din ang rug sa paanan ng kama.

Nahilo siya sa pink! Ang masaklap nito, hindi

niya gusto ang pink at lalong hindi niya gusto si *Hello Kitty!*

Na-distract siya nang biglang kumahol si Platypus. Saka niya lang naalalang kasama pala niya ang alagang aso.

“Shh... behave!” Pinanlakihan niya ito ng mata.

Kumahol lang uli si Platypus at pilit na hinihila ang dog leash. Nagpahatak siya rito, naisip niyang baka naihi si Platy. Subalit imbes na lumabas ay kakawag-kawag ang buntot na dumikit ito kay Zarc at ikiniskis ang katawan sa binti ng binata.

Lintik na, lumalandi si Platypus! In fairness, pareho sila ng taste sa lalaki pero hindi pa rin maganda dahil hindi naman babae ang aso niya. Ibig sabihin lang nito ay bading ang kanyang alaga!

“Plat, umayos ka, kung hindi isasahog kita sa lutong ulam!” sita niya sa aso. Isang nagpapaawang nguyngoy ang itinugon ng asong may balak yatang mag-showbiz. “Sorry,” hinging paumanhin niya kay Zarc.

Ngumiti ito. “Crush ako ng aso mo.”

“Halata nga,” nahihiya niyang sabi. “Uhm... Boss Zarc—”

“Zarc na lang.”

Kimi siyang tumango, “Zarc, magpapahinga na muna ako. Good night.”

He nodded. “Bukas na tayo mag-usap. Sleep well, Minca.” Pagkasabi niyon ay tumalikod na ito.

Dali-dali niyang isinarado ang pinto dahil mukhang bubuwelo pa ng talon kay Zarc ang

alaga niya. “Sige pa, Plat. Lumandi ka pa. Ikaw, ha, pabebeng bading ka. Hindi mo man lang ako inabisuhan.”

Buti na rin at umeksena kanina si Platypus dahil naiilang pa rin siya sa malakas na presensya ni Zarc Ziggatu. At least, tapos na ang gabing iyon. Bukas na niya haharapin uli ang lalaki.



Ibinagsak ni Minca ang katawan sa kama. Sa wakas ay nakatulog din ang maarte niyang asong nagsasakit-sakitan. Kanina nga lang ito naging energetic dahil nakakita ng guwapong hombre! Grabe itong si Platy, hindi niya kinaya.

Tinapunan niya ng tingin ang sliding door. Naakit siyang lumabas sa terrace. Pinag-aralan muna niya ang sarili. May nag-udyok sa utak niya kanina na magsuot ng cream satin negligee. Nakakapit ang tela niyon sa magandang kurba ng kanyang katawan. The negligee did nothing to hide the fullness of her breasts nor did it cover the reaction of her nipples to the cold wind.

Pinagbigyan na niya ang sarili. Minsan lang naman siya nagpi-feeling diyosa. Isa pa, inamag na ang mga nightgown niya sa boarding house dahil hindi niya naman magamit.

Hindi na siya nag-abalang magsuot ng sapin sa paa at hinayaang nakalugay lang ang mahabang buhok na humahaplos sa hubad niyang likod.

Humawak siya sa barandilya. Ninamnam niya

ang dapyo ng hangin sa kanyang pisngi at hinayaang hagkan ng hangin ang mga labi niyang bahagyang nakaawang.

Ang sarap!

Isang tikhim ang nagpalingon kay Minca sa kaliwa at nahindik siya sa nakita. Nakatayo sa kabilang terrace si Zarc! Nakalimutan niyang magkatabi nga pala ang mga kuwarto nila.

Half-naked ito at nakabilad ang mga pandesal sa tiyan. Titig na titig ito sa kanya, lalong-lalo na sa kulay krema niyang negligee!

Isang malagkit na ngisi mula rito at nataranta na siya. Nagkumahog siya pabalik sa loob ng silid. Mabuti na lang at hindi siya nagkandadulas. Tumalon siya sa kama at nagtalukbong. Sa likod ng mga pilik niya ay nakaguhit pa rin ang katawan ni Zarc.

Nababaliw na siya. Why did he have to be so hot? Nasobrahan ito sa testosterone!

Ipinikit niya ang mga mata. “Matulog ka na!” sikmat niya sa sarili. Ibinaon niya ang mukha sa unan at hindi minsan man nag-angat ng ulo hanggang sa hilahin ang kamalayan niya patungo sa mundo ng mga panaginip.



“Zarc! Hindi pa ako handa!” nati-tense niyang awat sa binatang naka-boxers lang at gumagapang palapit sa kanya. Sumiksik siya sa headboard at iniharang ang unan sa pagitan ng mga katawan nila.

Ngumisi lang ito, sabay hatak sa unan at inihagis iyon sa ere. Bumagal ang kilos nito nang hinuhubad na ang t-shirt.

“Zarc...” namamahika niyang sambit. Hindi maalis sa abs nito ang mga mata niya. Natagpuan niyang umaangat ang mga kamay at humahaplos na sa tiyan ng lalaki.

“And I thought you aren’t ready?” Sexy ang pagkakangiti ni Zarc.

“Akala ko rin.” Natatakam siya sa katawan ng binata. Nahiwalay lang ang kamay niya sa abs nito nang itulak siya nito pahiga sa kama.

“OMG! Totoo na ito!” hiyaw niya na may kahalong kilig.

“Buckle up, Minca. You’re in for a rough ride.”

“Gusto ko iyang mga ride-ride na iyan! Bilisan mo!”

Pumatong si Zarc at sininghot nito ang lahat ng bango sa leeg niya. She wriggled and giggled. Nakikiliti siya sa nguso ng lalaking sumisibasib sa kanyang leeg.

“You like it?” tanong nito.

“Yes!” mabilis na sagot niya.

“You like it?”

“Yes!”

“I can’t hear you!”

“Yes!” nakapikit ang mga matang sigaw niya. Pagmulat niya ay isang higitang tipaklong na ang nakadagan sa kanya. Humiwalay ang espiritu ng katinuan sa kanyang katawan dala ng sobrang

pagkagilalas. Gusto niyang sumigaw pero hindi umalpas sa kanyang lalamunan ang tinig.

“Hindi totoo ’to!” sa wakas ay nagawa niyang isigaw. Kasabay niyon ay ang paggising niya sa realidad. Bumalikwas siya ng bangon at kumapit sa headboard, tutop nang mahigpit ang dibdib. “Panaginip lang pala. Susmaryosep!” Hingal na hingal siya.

Okay na iyong simula, eh. Bakit may umeksena pang higanteng tipaklong sa huli? Nakakainis naman!

Sinipat niya ang orasan sa bedside table; 4:00AM. Sinubukan niya uling matulog, pero hindi na siya dalawin ng antok. Mulat na mulat ang kanyang diwa hanggang sa kumalat ang liwanag sa kalangitan.



“Hindi ka nakatulog kagabi?” tanong ni Zarc. Bahagya lang nitong tinapunan ng tingin ang mukha niya, pero alam niyang nakita nito ang pagkalakilaking eyebags sa ilalim ng kanyang mga mata.

“Naninibago lang siguro,” palusot niya. Nasa garden sila at nag-aalmusal sa loob ng Savannah Gazebo katabi ng Olympic-size swimming pool.

“Okay. Kumain ka na. Once we’re done here, dadalhin kita sa home office ko. I will give you a brisk orientation. Kung may mga tanong ka, ilita mo na.”

Tumango siya. Nag-tsunami ang libu-libong katanungan sa kanyang isipan. Mga katanungang

gusto niyang itanong sa boss.

1. Bakit ang guwapo mo?
2. Bakit hindi mo kailangan ng asawa?
3. Hindi ba puwedeng sumubok mag-apply bilang asawa mo?

4. Ano ba ang gusto mo sa isang babae?

5. Ano ba ang history mo sa pag-ibig?

“Hey, are you still with me?” untag sa kanya ni Zarc.

Nahihiyang tumango uli siya. Punyetiks na utak ito sa kanya. Kung anu-ano ang naiisip.

Pagkatapos niyang paglulunukin na lang ang pagkain na pulos berde ay sinabi niya sa lalaking handa na siyang makita ang opisina nito.

They walked side by side. Napapapikit ang dalaga sa tuwing umiihip ang hangin dahil nasasamyo niya ang pabango ng kanyang boss. She studied him discreetly. Malapad ang mga balikat at dibdib ni Zarc. Makitid ang baywang. Malalakas ang muscles sa binti. Malaman ang pang-upo. Makintab ang buhok. Smooth na smooth tingnan. Tinalo pa nito sa ganda ang buhok niya. Puwede itong mag-endorse ng shampoo.

“This is my home office.” Huminto ito at walang pasabing lumingon sa kanya. Hindi agad niya nagawang huminto kaya muntik nang magbungguan ang mga katawan nila.

“S-sorry po.”

There was an awkward ringing silence.

“It’s okay.”

Binuksan ng binata ang pinto sa opisina nito at pinapasok siya. Sangkatutak ang mga librong nakahilera sa mga shelves. Pulos lamesa at libro ang kabuuan ng opisina nito. May malaking desk ito sa gitna na katapat ang malaking bintana.

“Ang daming libro!” bulalas niya.

Tahimik lang si Zarc. Titig na titig ito sa kanya.

“B-bakit?”

Umiling ito saka dinala siya sa isang sulok kung saan naroroon ang filing cabinet.

“Lahat ng mga papers for filing ay dito mo ilalagay, maliwanag?”

“Maliwanag po.”

Itinuro nito ang mesa malapit sa pinto. May computer doon at may katabing lateral at pedestal. Nakatungtong sa lateral ang printer at hard phone. “That’s your table over there. Lahat ng nakikita mo sa palibot ng desk na iyan ay magagamit mo sa trabaho.”

“O-okay...”

“Si Lucrecia na ang personal na magtuturo sa iyo ng ibang detalye na may kinalaman sa trabaho mo bilang sekretarya. Bukas ay nandito siya.”

Bakit hindi na lang ikaw? reklamo ng isang tinig sa likod ng utak niya na kaagad niyang pinatahimik.

“Sige po.”

Lumapit ito sa bintana at ipinitik ang kuko sa ilalim na frame. His properly shaped nails tapping against the bottom frame of the window created a nasty, sexy sound that fondled her breasts.

Nag-iwas siya ng tingin nang makahulugang ngumiti si Zarc.

“I like you,” anito.

Namilog ang kanyang mga mata. “Po?”

“I like you. Playing innocent and virgin.”

Napanganga siya.

Nagpatuloy ito, “Contraceptives are a big no-no. You know why. The sooner you get pregnant, the better. Don’t stress yourself with office work here. Always remember the main objective, okay? Eat healthy food. Exercise regularly. Run with me every morning.”

“Ah, okay,” was all that she could say.

“I’m done. Any questions?”


“Wala pa sa ngayon.” Ano ba kasi ang dapat pa niyang itanong? Kung ano ang posisyong gusto nito? Kung lights on ba or off?

“Puwede ka nang bumalik sa silid mo. I forgot to mention earlier, sunud-sunod nga pala ang meeting ko ngayong araw. Gabi na ang uwi ko. Make yourself comfortable. You can use the pool, the sauna, the jacuzzi. Just don’t phone a friend to come over.”

Tumango lang siya at palabas na dapat ng opisina nang may pahabol si Zarc.

“I’ll see you later, Minca. And I want you to be bold and daring tonight.”

Anak ng tinapa! Mapapasabak na siya sa giyera!



Last Night of Innocence

Iaitakip ni Minca ang palad sa kanyang bibig nang marinig ang pamilyar na mga yabag ni Zarc sa corridor. Umingit ang pinto sa kabilang silid at mahabang sandaling namayani ang katahimikan bago muling umalingawngaw ang tunog ng mararahang hakbang ng binata sa labas.

Napakislot siya nang may kumatok sa pinto ng kanyang silid. Niyapos niya ang sarili at ibinaon ang katawan sa kama. Magtutulug-tulugan siya.

Muling kumatok ang lalaki. Kita niya ang anino ng sapatos nito sa maliit na gap ng pinto sa sahig.

“Open up, Minca,” utos nito.

She shut her eyes and said nothing. Ang kaso, nagising si Platypus dahil narinig ang tinig ng crush nito. Kumahul-kahol ang aso at kinamot ang pinto.

Shit!

“Psst!” mahina niyang sutsot sa alaga at sinenyasan itong lumayo sa pinto.

Hindi nakinig ang bading na aso at sumige sa pagkamot sa pinto.

“Minca, I’m losing patience here. I know you’re still up. Open the door. Now.” Walang halong pagkaaliw sa boses ng kanyang boss, pormal at matigas ang tinig nito.

Napilitan siyang bumangon. Nababagabag niyang in-unlock ang pinto. She was greeted by his displeased face.

“I’m not gonna force you to do this if you don’t want to. Puwede ka pang umatras.”

At paano niya babayaran ang perang ipinambayad nito sa mga pinagkautangan niya? At paano niya sosolusyunan ang problema sa pamilya niya kung magba-back out siya ngayon? Natatakot siya pero hindi ibig sabihin niyon ay gusto niyang umatras.

“Gusto ko pa ring gawin ’to,” matapang niyang wika.

“Alright.” Itinulak nito pasara ang pinto habang nakatutok sa kanya ang tiim ng mga mata. The crisp ‘click’ sound sent shivers down her spine. Zarc unbuttoned his shirt and left nothing to cover his chest and the tiny hairs that suggested eroticism.

Napaatras ang dalaga.

He moved forward and she moved backward. He continued moving forward until she couldn’t move back anymore. Tumama na ang likod ng tuhod niya sa gilid ng kama.

“Let’s get this done, Minca. I need to sleep early

tonight.” He then held her shoulders and pulled down the straps of her negligee. She wore nothing under the filmy, soft fabric. Mariin niyang ipinikit ang mga mata. Hindi siya handang makita ang ekspresyon sa mukha ng lalaki.

“Naughty rabbit. Very, very naughty,” he murmured. “Open your eyes. Look at me.”

Nakita niya ang paghanga sa mga mata ni Zarc.

“You’re beautiful... Your breasts, your skin, everything.” Idinampi nito ang likod ng palad sa braso niya.

She shivered. Bumigay ang tuhod niya at napaupo siya sa kama. He inched closer.

“Undo my fly,” utos nito.

Tumalima siya. Nanginginig ang mga kamay niya habang ibinababa ang zipper ng pantalon nito. Hinila niya pababa ang pantalon at hinayaan lang ang boxer shorts nito.

Nagkusa na itong hubarin iyon at nahilo siya sa size ng hidden weapon nito! Hindi siya sigurado kung kakayanin ba niya. Kasya ba ito sa kanya?

“Ano, sandali, wait lang.” Nag-panic siya at umisod paiwas sa katawan ng lalaki. Bumaba siya ng kama at tumakbo sa pinto. Sumunod sa likuran niya si Zarc at naiyapos nito ang mga braso paikot sa katawan niya bago pa man niya mabuksan ang pinto.

“Where are you going, rabbit?” paanas nitong tanong.

Tumitili ang kanyang isipan. Nagsisikip ang mga

daanan ng hangin sa katawan niya. She had never seen a naked man in person. Ngayon pa lang. Ni hindi pa siya nakakahawak ng zipper ng pantalon ng isang lalaki na suot mismo nito. Ngayon pa lang din!

“Zarc...” Tumikhim siya. “P-puwede bang time-out muna? Ano kasi, eh, kuwan—”

“What?” nababagot nitong tanong pagkatapos tamnan ng halik ang makinis niyang balikat.

“Ano kasi, first time ko ’to, eh,” she confessed.

He loosened his grip around her. “What did you just say?”

“First time ko po.” Yukung-yuko ang ulo niya. Hindi siya makatingin nang derecho sa boss.

“F*ck!” Mabilis nitong pinulot ang pantalon at shirt sa sahi.

“Z-Zarc?” Nagugulumihan siya.

“F*ck Lucrecia! F*ck Kerleg! I said I don’t want a virgin! Mahigpit kong utos sa kanilang huwag akong bibigyan ng inosenteng babae! Goddamit!”



Ilang araw siyang hindi kinibo ni Zarc. Isang linggo na siya sa bahay nito, pero wala pa ring nangyayari sa kanilang dalawa. Sinasadya nitong hindi sila magkita madalas. Ano na ang plano nito sa kanya? Hindi pala nito gusto ang virgin. Alam naman nina Lucrecia at Kerleg na inosente siya, pero siya pa rin ang kinuha ng mga ito.

Minca sighed. Hinihintay na lang niyang sipain siya ng boss sa trabaho. Naupo siya sa nakabukas na

entrada ng mansion hanggang sa marinig niya ang familiar na ugong ng gold cabriolet nito. Mabilis siyang tumayo at sinalubong ang binata.

His brows automatically pulled together to the center upon seeing her. Niluwagan nito ang kurbata at nilampasan siya na tila hindi siya nakita.

Nagpupuyos ang kalooban na binuntutan niya ito. “Zarc, sandali nga, kausapin mo naman ako. Ano ba talaga ang plano mo sa akin? Fired na ba ako? Sabihin mo dahil naguguluhan ako. Nagiging palamuti na lang ako rito sa bahay mo.”

Hindi ito nagsalita. Dumerecho ito sa kusina at kinuha ang pitcher ng tubig sa fridge.

“Disappointed ka ba dahil virgin pa ako? Mas gusto mo ba iyong magaling sa kama at marami nang alam?”

Ibinaba nito sa countertop ang pitcher at kontrolado ang emosyon nang lingunin siya. “Honestly? Yes. I don’t do virgins. Not my cup of tea.”

“Eh, ano na pala ang estado ng trabaho ko ngayon?”

“You’ve said it earlier.”

“Patatalsikin mo na ako?” Dinamba ng mapait na emosyon ang dibdib niya.

Hindi sumagot si Zarc.

Dapat ay guminhawa ang dibdib niya dahil wala pala itong planong angkinin siya, pero bakit napu-frustrate siya? May isang bahagi ng kanyang

pagkatao ang gustong maranasan kung paano ang maangkin ng isang Zarc Ziggatu. Alam niyang kabaliwan ang utos ng katawan, subalit nasisiraan na nga siguro siya ng bait.

“Hindi ako mag-iinarte. Kung natatakot kang hahabul-hahabol ako sa 'yo dahil nakuha mo ako nang malinis, puwes, nagkakamali ka.”

He glanced at her face. “I said I don't do virgins.”

“Eh, paano iyong mga ginastos mo sa akin? Iyong half million bilang paunang bayad, paano ko isasauli iyon sa iyo, eh, naipadala ko na ang malaking halaga sa Isabela para sa pagpapagamot sa tatay at kapatid ko.”

“I'll send Lucrezia to sort out things. Sa ngayon, puwede ka nang mag-empake.”

“Bakit pinaabot mo pa ako ng isang linggo dito kung buo na pala ang desisyon mo noong gabing iyon pa lang?”

His fingers raked his hair. “I don't have to explain, Minca,” he answered lazily.

“Or maybe you're disqualifying me from this post because you're thinking that I won't be able to give you good sex just because I'm a virgin? Yes?” May himig paghahamon ang boses niya.

“One, you're too young for me, Minca. But I took you in. Now, you're too young for me and you're a virgin. I am not a fan of spotless virgins. At pupusta ako, ni hindi ka pa marunong humalik nang maayos.”

Naikuyom niya ang kamao. Matalim niya itong tinitigan habang dinadala nito sa bibig ang baso ng tubig. She snatched the glass from his grasp and tiptoed to reach his face. Nainsulto siya. Kailangan niyang patunayan dito na mali ang iniisip nito.

Kinabig niya ang batok nito at idiniin ang labi sa labi nito. She slid her tongue inside his wicked mouth, teasing his palate and tongue until he was grabbing her closer and was kissing her back. Nalasaan niya ang malinis na tubig sa dila nito. Nag-enjoy siya sa pagduduwelo ng mga dila nila.

“Ah, shit...” he uttered between sexually arousing kisses.

“Patatalsikin mo pa rin ba ako?” paanas niyang tanong.

“Not in a million years.” Binuhat siya nito at pinaupo sa countertop. He kissed her hungrily. He swallowed the juices in her mouth while his hands explored under her skimpy skirt.

Napaarko ang likod niya nang hawakan nito ang string ng underwear niya at hilahin iyon pababa. He brought her underwear to his nose. “You smell of fresh roses,” he said and slipped a finger inside her intimate channel. “You need plumbing, baby.”

Nahihilo siya sa ginagawa nito sa katawan niya. He nudged her legs apart. He demonstrated his licking prowess and he was a pro at that. Nangingig ang mga tuhod niya sa ginagawa nito. She wanted to push him and pull him at the same time.

Zarc stood up and hurriedly pulled down his slacks. Inangat lang nito ang palda niya at hinila siya padikit dito. Next scene, she was already gasping and feeling him throb inside her core. Nakagat niya sa balikat ang binata. Him, inside her, was more than electrifying! Nakakasira ng katinuan! Masakit na masarap ang nalalapas niya sa piling nito.

“Does it hurt?”

“No, a-ayos lang.” Ayos lang kahit na masakit dahil mas nangibabaw ang malakas na sensasyon. Tila siya idinuduyan sa alapaap ng pagnanasa.

He pushed deeper. Owned her deeper. And she wanted to be owned by him. She was offering her flesh to this man. He moved in and out. Hanggang sa sumabog ang katas ng pagnanasa nito.

*So, this is f*cking*, sa loob-loob niya.

He pulled himself out of her and she caught a marvelous view of his glossy length.

“Zarc...”

Hinaplos nito ang pisngi niya. “Why did you give yourself to me?”

“Dahil gusto ko at buo sa loob ko ang pagpapaubaya.”

Ngumiti si Zarc, natuwa sa itinugon niya. “We’ll do this again tomorrow,” anito.

“So, I get to keep the job?”

He smirked. “Ano ba sa tingin mo? You did well. Good job, Minca. You fascinated me... very much,” makahulugan nitong sabi at tinutunaw siya ng mga

titig nito sa kanya.

Tumango siya.

“Don’t stay up late tonight. I’ll take the entire day off work tomorrow.”

Bakit? Na-addict agad ang mokong sa kanya?

Hala ka, Minca!



Owing Her

Malambot na bedsheet, malambot na unan at mabigat na binting nakadagan sa kanyang hita ang unang pumasok sa kamalayan ni Minca nang magising siya kinabukasan. She opened her eyes and pressed a moan out of her throat. Bumaling siya pakaliwa at tumambad sa kanya ang guwapong mukha ni Zarc Ziggatu. Hindi rin ito nakapagpigil kagabi at kumatok sa pinto niya eksaktong alas doce ng hatinggabi. He made love to her insatiably.

Pinagmasdan niyang maigi ang katabi. Tulog pa ito. His mouth partly opened and he was sleeping like a baby. The man had a strong nosebridge, a sexy cleft chin and she found herself staring at it. His brows crowding near his closed deep-set eyes.

Ang guwapo talaga nito!

Naalala niya ang unang beses na nagtagpo ang mga mata nila. She remembered the godly attraction she felt for him. Alam niyang noon pa lang ay gusto

na niya ito. Sa unang pagtatagpo pa lamang ng mga mata nila. At ngayon, sa kabila ng sitwasyon nila ay alam niyang patuloy na lumalago ang noon ay maliit na tibok na nadama niya para sa lalaki.

She liked him. Undeniably. Hindi pa niya nadarama ang ganoong damdamin sa kahit na sinong lalaki. Kahit na sa mga lalaking na-involve sa kanya noon.

“I like you, lion,” bulong niya sa tainga nito.

Ang ilang hibla ng itim na itim nitong buhok ay tumabing na sa noo nito. She had the urge to swipe it aside. Pero nag-alangan siya. Until she gave in to her heart’s desire. Inangat niya ang kamay subalit bago pa niya mahawakan ang buhok nito ay pumaikot na sa pupulsuhan niya ang mainit na kamay ni Zarc.

“What are you doing?” His husky, bedroom voice sent tingles down the lower region of her abdomen.

“Ha? Ah, wala!” Binawi niya ang kamay at nagmadaling bumaba ng kama. Saka niya lang naramdamang nananakit pala ang katawan niya. Her hips hurt, her thighs hurt, and her flower... agh! Her flower’s f*cking sore!

Tumayo siya sa tapat ng life-size mirror at pinagmasdan ang hubad na repleksyon sa salamin. Namilog ang mga mata niya nang makita ang sarili. Puno ng marka ang katawan niya—sa leeg, sa dibdib, sa balikat at maging sa kanyang tiyan!

“Oh, my God...”

Lumapit sa likuran niya ang nakangising si

Zarc. Nakatingin din ito sa mapupulang marka sa kanyang katawan, and the beast looked proud of what he had done.

“I... I can’t hide this...”

“Then don’t,” he grinned. Niyakap nito ang baywang niya at hinalikan siya sa leeg. Akala niya ay idadampi lang nito ang mga labi sa leeg niya, pero sinipsip nito ang kanyang balat.

She felt that familiar sting. Nagkorteng labi ang pulang markang iniwan nito sa kanyang leeg. “Zarc!”

“What?” His lips twisted to one side. Puno ng panunukso ang ngiting kumurba sa mga labi nito.

Sumimangot siya.

“Samahan mo ako,” yaya nito sa kanya kapagkuwan.

“Saan?”

“Sa banyo. Sabay tayong mag-shower.”

“Ayoko na. Pagpahingahin mo naman muna ako,” reklamo niya.

He beamed at her naughtily. “Alright. Later, rabbit.” Kinubkob nito ang mukha niya at ginawaran ng mainit na halik ang kanyang bibig bago ito pumasok sa banyo.



“Nasaan ang mga kasambahay mo?” nagtataka niyang tanong habang naglalakad palapit sa Savannah Gazebo kung saan komportableng nakaupo si Zarc.

Kumislap kaagad ang mga mata nito nang

makita siya. “On rest day.”

“Rest day?”

“Yes, rest day. Since dito lang naman ako sa bahay, ibinigay ko na sa kanila ang buong araw para makapamasyal at makapagpahinga.”

Lumabi siya. “Hah! Alam ko na ang style mong ito, eh. Pinag-day off mo sila para masolo mo ako. Umamin ka.”

He laughed. Kasabay niyon ay ang pag-hip ng hangin sa buhok nito palikod.

Namalas ni Minca ang pinakamagandang bista sa buong mundo. Nagrigodon ang kanyang puso at hindi niya maalis-alis ang nabatubalaning mga mata sa mukha ni Zarc.

This is not good, aniya sa sarili.

“Hey!” He flicked a finger in front of her face. “Minca to Earth.”

“Ha?”

“Kumain ka na.” Iminosyon nito ang spaghetti sa plato. “You have to try this, Zarc’s Special Spaghetti.”

“Ikaw ang gumawa?”

“Yes, rabbit.”

Tinikman niya ang pasta. “Masarap,” aniya.

“Of course.” Umisod ito palapit sa garden chair niya. “May sauce sa gilid ng labi mo.”

“Ha?” Nawala na siya sa sarili. She couldn’t think straight because he was so close. Nagwawala ang puso niya at kumakabog nang malakas.

“I said... ah, never mind, ako na.” He lifted his

hand to wipe off the sauce but changed his mind. Imbes na pahirin gamit ang daliri ay inalis nito ang sauce gamit ang mga labi nito.

Nanginginig siya at hindi niya napigil ang pagnulas ng mahabang ungol sa kanyang lalamunan. “Ang landi mong lalaki ka,” tanging komento niya.

Tumawa lang ito at itinulak ang isang itim na kahon sa direksyon niya.

“Ano iyan?”

“A gift. Open it.”

Binuksan ng dalaga ang kahon at nasilaw siya sa ganda ng gintong kuwintas na may naka-emboss na ‘ZZ’ sa harapan.

“Ang ganda!” Nag-angat siya ng mukha. “Hindi ka na dapat nag-abala pa.”

“You’re welcome,” he said, ignoring her words. Inabot nito ang kuwintas at hinawi ang buhok niya pagilid. Ito mismo ang nagsuot ng alahas sa leeg niya. “As long as you have this around your neck, it means I still own you. Akin ka lang, Minca. Walang puwedeng umagaw sa iyo mula sa akin.”

Napasinghap siya. Puno ng diin ang pagkasabi nitong walang puwedeng umagaw sa kanya. Naalala niya ang sinabi sa kanya noon ni Kerleg.

“Sa trabahong papasukin mo, hindi lang ang tiyan at balakang mo ang mahahawakan. Maaangkin pati kaluluwa mo. Masuwerte ka na kung hindi bumigay ang puso mo. The man who will become your boss will take all of you—things that we can see now and things that

we cannot. He will own you, in and out."

Tama ito. Inaangkin siya ni Zarc nang buong-buo. Hindi na nga nakaligtas ang puso niya. Alam niyang sa kada segundong nakakasama at nakikita niya ito ay bumibigay na siya. Hiling ng puso niya ay mahulog din sana sa kanya ang lalaki. Sana ay dumating ang panahon na maramdaman din nito ang nararamdaman niya para rito ngayon.

Sana ay hindi siya nito itinatago. Bukod kina Lucrecia at Kerleg ay mga katulong lang sa bahay ang nakakaalam ng totoong trabaho niya at tunay na ugnayan nila. Mga katulong na siyempre ay nakatikom ang bibig at nagbubulag-bulagan. Takot lang ng mga ito sa amo.

Sana ay makapamasyal din sila balang araw sa labas nang magkasama. Sana ay hinahalikan siya nito hindi lang sa loob ng mataas na pader ng malawak na lupang pag-aari nito.

"You want to swim?" pukaw sa kanya ni Zarc.

"Hindi ako marunong lumangoy."

"I'll teach you." Hinawakan nito ang kamay niya.

"Sandali, next time na lang."

"Okay." Inarok nito ang emosyon sa kanyang mga mata. "Come here." Inisod nito paurong ang upuan upang magkasya siya sa harapan nito saka siya hinila paupo sa kandungan nito.

"I really like you, rabbit," he whispered.

Nanayo ang mga balahibo niya sa katawan. May kuryenteng hatid sa kanya ang bawat katagang

namumutawi sa bibig nito.

“I remember the first time I saw you, you were... beautiful. And I have never been so attracted to a woman. Sa iyo pa lang ako na-attract nang ganito.”

Natunaw ang puso ni Minca. Attracted pala si Zarc sa kanya, bakit hindi na lang siya nito gawing totoong nobya? May girlfriend na ba ito? Taken na ba ito? Bakit ba supling lang ang gusto nito? Maano bang humanap ito ng babaeng mapapangasawa at bumuo ito ng normal na pamilya at magkaanak sa normal na paraan?

“May... may girlfriend ka na ba?”

Tumawa ang binata. “Girlfriend? I don’t need a girlfriend.”

“B-bakit?”

He looked at her, half-amazed. “Bakit? Because I already have a wife.”

Umugong ang nakabibinging katahimikan sa mundo niya. May-asawa na ito? Bakit hindi niya naisip ang bagay na iyon? Na kaya hindi nito kailangan ng asawa ay dahil may asawa na ito.

Bumaba ang mga mata niya sa palasingsingan ni Zarc. And true enough, may suot nga itong wedding ring. Masaklap, ang sakit sa dibdib. Nangungurot ang sakit. Ibig sabihin nito ay isa siyang dakilang querida? Punyemas!

“O, bakit nakasimangot ka na d’yan?”

“Wala.” Nagtangka siyang tumayo pero humigpit lalo ang mga braso nito sa baywang niya.

“Where to, rabbit?”

“I... I need to go to the bathroom.”

“Why?”

Nakagat ng dalaga ang kanyang labi. Pigil na pigil niya ang bigat ng emosyon. Naiiyak na siya at kailangan na niyang umalis para hindi nito makita ang pagluha niya. Pero paano niya gagawin iyon kung mala-bakal sa higpit ang kamay nito na nakapaikot sa kanyang baywang?

“Dahil naiihi ako. Gusto mo bang sumama?”

Sumeryoso ang lalaki. “Minca, listen. May-asawa na ako pero wala na siya. She died a few years ago.”

Natahimik siya. Alam niyang hindi siya dapat matuwa sa katotohanang namatay ang asawa nito, but well, she was happy to know that he’s still free at may pag-asa pa ang pagsinta niya para rito.

“Don’t ask me how she died. I won’t tell you.”
Inunahan na siya nito nang ibuka niya ang bibig.

Tumahimik na siya at nagtitigan na lang sila.

“Minca...”

“Yes?”

“Promise me you won’t fall in love with me.”

Nagulat siya sa sinabi nitong iyon at siyempre pa ay hindi niya iyon nagustuhan. “B-bawal bang ma-in love sa iyo?”

“Bawal dahil ikaw lang din ang masasaktan sa huli. I intend to stay wifeless until the day I die. Kaya hindi ko gustong umasa ka sa wala. I may sound like a conceited jerk right now for saying all these

things, pero mabuti nang sa simula pa lang ay alam mo na. Pagkatapos mong maipanganak ang bata ay kailangan mo nang umalis at hindi ka na puwedeng bumalik pa.”

Humapdi ang lalamunan ng dalaga. Bakit nasusupalpal na siya ngayong nagsisimula pa lang tumibok ang puso niya?

Life was not only unfair. Life was cruel...